

PROLOGUE

“Do you really think it’s a good idea, Doctor?” nag-aalalang tanong ni Doña Valerie Duque kay Dr. Frank Stewart na isang American psychologist. Nasa opisina siya nito sa *St. Luke’s Hospital*.

“We wouldn’t know unless we try,” seryosong tugon nito.

“Tomorrow is her birthday. Do you think she can really face all those people?”

Bakas sa mukha ng manggagamot ang kalungkutan, kaya hindi niya mapigilan ang mapaluha. Isa lang ang ibig sabihin niyon. Hindi pa rin sigurado kung makakatulong ang pagharap ng unica hija niya sa mga tao.

“Let’s face it. No matter what kind of therapy we’ll try, the cure rate of anthropophobia is less than five percent. Sure, there were changes with Ingrid, but they were for the worse,” malungkot na anang doktor.

Gusto na niyang bumunghalit ng iyak, pero pinigil niya. Muli pa ay mabini niyang pinahid ang luha sa ilalim ng kanyang mga mata. Kahit parang

ayaw lumabas ng tinig niya ay nagpakatatag siya. “Is it ... p-possible that she can be cured?”

“Have faith, Doña Valerie. It’s possible. A small percentage of people with the same illness were cured though they were left alone.”

Puno ng mararangyang ilaw at naggagandahang bulaklak ang malawak na garden ng Duque Mansion. Abala at excited ang lahat sa gaganaping pagdiriwang.

May paghangang tinitigan ni Inday ang napakalaking banner na ang mga letra ay gawa sa mga talulot ng rosas. Ang nakasulat doon ay ‘*Happy 17th Birthday Ingrid Valerie Duque.*’ Super excited na siya. First time niyang makikita ang unica hija ng pamilya Duque. Dalawang taon na siyang naninilbihan bilang katulong, pero ni dulo ng daliri ng Señorita Ingrid ay hindi pa niya nasisilayan. Hindi kasi ito lumalabas at ang tanging nakakapasok sa silid nito ay ang pamilya nito.

Ayon sa mga naunang katulong, na-kidnap daw si Ingrid noong magki-quince años pa lamang ito, kasama ang abuelo nitong si Don Felipe. Nasaksihan nito ang pagkamatay ng abuelo na siyang naging sanhi ng pagkakaroon nito ng sakit na labis na

pagkatakot sa mga tao. Anila, mula pa noong maliit si Ingrid ay likas na itong mahiyain, tahimik at mailap. Na lalo namang lumala mula noong ma-trauma sa pagkamatay ng abuelo.

“Hoy! Inday, ba’t nakatulala ka dyan? Marami pa tayong trabaho,” untag ni Dodong na hardinero sa mansion na iyon.

“Hoy ka din, Panget!” singhal niya. “Itikom mo ’yang bibig mo. Baka may makarinig at isipin na tatamad-tamad ako.”

“Bakit hindi ba?”

Isang batok ang isinagot niya rito. “Excited lang ako kasi first time kong makikita si Señorita Ingrid.”

“Ay, ako rin,” sagot ni Dodong. “Sabi nila, mas maganda pa raw siya sa mga pictures niya na nakikita natin.”

“Oo nga, eh. Kung ang mga kapatid nga niya que babata pa ay saksakan na ng guwapo, siya pa kaya.”

“Teka, may iniutos pala si Doña Valerie sa ating lahat.” May inilabas itong isang papel. “Kapag daw nakita natin ang mga sintomas na ito kay Señorita Ingrid mamaya, ilayo at ilabas daw natin agad ang mga bisita.”

Tiningnan ni Inday ang nakasulat sa papel—hirap sa paghinga, pagkahilo, labis na pagpapawis, pagduduwal, panunuyo ng lalamunan, panginginig, pagwawala.

“Are you ready, Hija?” puno ng pag-aalalang tanong ni Valerie kay Ingrid. Nasa loob silang buong pamilya sa kuwarto nito. Ilang sandali na lang ay sabay-sabay silang lalabas para humarap sa mga bisita.

Kiming ngumiti si Ingrid. “Yes, Mama, I will do my best,” anito sa malamyos na tinig.

Nilapitan ito ng asawang si Don Benedict. “Relax, Darling, everything will be all right.”

Medyo napanatag ang ginang. Kanina nang ayusan ang anak ng beautician at hairstylist ay hindi ito nagpakita ng takot. Magandang senyales iyon!

“Remember, Sweetheart, kapag hinarap mo sila at natakot ka, alalahanin mong nasa likod mo lang kami.”

Limang pigura ang unti-unting lumalapit sa entrance ng garden. Nahigit ng mga bisita ang

kanilang paghinga.

Napatutok ang kanilang paningin sa pinakagitna, sa babaeng nakasuot ng peach gown. Labis na paghanga ang masasalamang sa mga mata ng lahat. Hindi nila akalain na may isa palang natatanging kagandahan na nagkukubli sa isa sa mga silid ng malaking bahay na iyon. She was indeed like a princess out of a fairy tale story.

Nagsimulang maglapitan ang ibang mga bisita upang mas mapagmasdan ang maamong mukha ng dalagang matagal na nagkulong sa kanyang palasyo. Nabigla ang lahat nang mabanaag nila sa mukha nito ang labis na pagkatakot. Bigla itong nangingig at nagsisigaw. Kumilos agad ang pamilya nito. Kinarga si Ingrid ng ama nitong si Don Benedict habang pinalalayo naman sila ng mga katulong.

Labis na pagkaawa at panghihinayang ang naramdaman ng lahat. Tunay ngang walang perpekto sa mundong ito. Ang isang tulad ni Ingrid na napakaganda, mayaman at may mapagmahal na pamilya ay magkakaroon ng karamdaman na gaya niyon.

Sa isang sulok ng hardin ay may isang taong tahimik na umiinom at nagmamasid lamang sa mga nangyayari.

1

Signal number two. Bumabaha na sa ilang panig ng kalakhang Maynila. Ang palengke ng Balintawak na isa sa pinakamalaking palengke sa Quezon City ay baha na rin. Kung ang ibang tindahan ay sarado na dahil sa bagyo, ang puwesto ng daingan at tuyo ay buhay na buhay pa rin.

“Oops! Teka lang, isa-isa lang, mahina ang kalaban,” awat ni Ingrid sa mga suki at mamimili na sabay-sabay nagbabayad. Napakaraming tao, kahit anim na ang tintera niya ay hindi pa rin kaya. Kunsabagay, hindi naman sa lahat ng oras ay ganito ang benta, kapag tag-ulan at bagyo lang siguradong malakas.

“Ala, eh! Oo nga naman huwag ninyo siyang pagkaguluhan, parang ngayon laang kayo nakakita ng artista, ah,” ani Mang Lando sa tonong Batangueño.

Napangiti si Ingrid. Limang taon na niya itong suki mula pa noong nagsisimula siya. “Naks! Tatay Lando talaga. Sa tono ng pananalita n’yo, mukhang babaratin n’yo na naman ako. Fixed price na ho iyan. Alam n’yo namang pag tag-ulan, mataas talaga ang bigayan sa amin ng kalakal,” nakangiting aniya rito.

Napangiti rin si Mang Lando. Alam nitong lagi itong may special discount sa kanya na hindi ipinaalam sa iba. “Ala eh, alam ko naman iyon. Kumbaga, nagsasabi laang ako ng totoo.”

“Oo nga, Ineng,” sabad ng isang ale.

Napatingin dito si Ingrid. Hindi pamilyar ang mukha nito. Hindi pa man ito nagsasalita ay parang alam na niya ang susunod na sasabihin nito.

“Hindi bagay ang kagandahan mo sa palengkeng ito. Dapat sa iyo mag-artista o kaya mag-model,” patuloy nito.

Sinabi na nga ba. Napangiti uli si Ingrid. “Hayaan n’yo ho. Abangan ninyo na lang ako sa TV o kaya sa billboard at magko-comercial model ako ng daing.” Iyon lang at saka siya humagalpak ng tawa.

Napakalakas ng buhos ng ulan. Kasabay ng paghagupit ng matalim na hangin sa mga solidong salamin ng OB Tower ay ang pagsasanib ng dalawang kaluluwang naghahanap ng pisikal na kaganapan.

“Oh, God! Sweetheart, you’re so good. I can’t believe you’re this wonderful,” saad ng isang mala-kremang kariktan na nakapulupot sa matipunong

katawan ni Neil. Katatapos lang ng kanilang pagtatalik. “Kahit hindi mo ako bayaran, I would love to give my service for free.” Muli ay gumapang na parang sawa ang mala-bulak sa lambot na kamay nito sa katawan niya.

Naiinis na pinalis iyon ni Neil. Tumayo siya na hindi alintanang makita ang kahubdan sa harap ng babae. Sinuyod naman siya ng sumasambang tingin nito na para bang isa siyang diyos sa Greek Mythology.

“Get dressed. You’re done and you can leave now,” he said in a cold voice. He handed her a cheque.

“Baby, I told you, I’m giving it for free.”

“Out.”

“What! But—”

“I said get out!” Dumadagundong na parang kulog ang boses niya sa buong kuwarto. Nagulat ang babae. “You get dressed, or I will throw you naked out of this room.”

Nanginginig at nagmamadaling nagbihis at umalis ang babae.

Marahang binuksan ni Manong Lito ang kuwarto

ni Neil. Bukas ang pintuan sa banyo. Kagaya ng inaasahan nito ay nakababad siya sa loob ng bathtub.

Wala na ang babaeng kasama niya kanina. Isa itong papasikat na sexy star ng bansa. Kahit nakapikit siya at relaxed na nakababad sa ga-bundok na bula, alam niyang nakatingin sa kanya ang matanda.

“Manong Lito, ano’ng oras ho ang meeting sa *Urban Land Reform and Housing Program* sa Payatas?”

“Ala eh, alas tres ng hapon, pero ika-cancel ko na laang. Napakalakas kasi ng ulan sa labas,” anito sa tonong Batangueño. Kahit matagal na ito sa Maynila ay hindi pa rin natatanggal ang punto nito.

“No, importante ang meeting na iyon.” “Sir, baka ma-traffic ho kayo sa daan.”

“It’s okay. Pakisabi kay Ruben na ihanda ang sasakyan. Maaga akong aalis.”

“Ala eh, di sige.”

Malungkot na umalis si Manong Lito. Sa isip nito, napakabuti talaga ng amo kahit hindi na ito nagpa-practice ng pagkaabogado at pinamahalaan na lamang ang Braganza Condominium at tatlong OB Tower na ipinamana ng yumao nitong ama ay marami itong natutulungan. Lahat ng lumalapit sa binata, lalo na

ang mahihirap ay hindi nito tinatanggihan. Makatao ito at patas sa lahat ng empleyado, kaya naman labis na nalulungkot ang matandang Batangueño kapag nakikita na patuloy itong nabubuhay sa galit at pag-iisa. Sa edad nitong tatlumpu't apat, nararapat lamang na magkaroon na ito ng sariling pamilya.

Womanhater si Neil. Hindi alam ni Mang Lito kung bakit, pero saksi siya sa labis na pagkamuhi nito sa mga babae. Mula nang magtrabaho siya rito limang taon na ang nakakaraan ay galit na ito sa mga babae. Isang patunay na ang lahat ng empleyado nito ay lalaki. Kahit sa mga tinutulungan nito, kapag babae ang hihingi ng tulong, kailangang may representative na lalaki. Hindi ito nakikipag-usap o nakikipag-deal sa babae. Ganoon kalaki ang galit nito sa mga babae. Kung may pangangailangan man itong pisikal, nagha-hire lang ito ng high-class prostitutes. Wala siyang natatandaan na naging karelasyon o nobya man lamang nito.

“...Higit sa lahat, iniaalay ko ang medalyang ito sa pinakamaganda kong ate na walang sawang sumuporta at tumaguyod sa akin. Ate Ingrid, para sa iyo ito!” Itinaas pa ni Ira Fritz ang hawak na medalya. Napuno ng masigabong palakpakan ang loob ng

bulwagang iyon.

Gustong mapaluha ni Ingrid sa labis na kaligayahan, pero pinigil niya ang sarili. Ang ganda-ganda ng pagkakalagay niya makeup niya, ano! At ayaw niyang masira iyon. Sinalubong niya ng yakap ang papalapit na kapatid.

“Congratulations,” aniya.

“No, Ate, congratulations,” ani Fritz. Inilipat nito ang suot na medalya sa leeg niya. Nagulat siya.

“He’s right, Ate. Congratulations,” putol ni Isaac Von na nasa likuran niya. “Ikaw ang karapat-dapat na magsuot ng medalyang iyan. Kung hindi dahil sa iyo, hindi kami makakatapos sa pag-aaral.”

“Hay, naku! Ayokong mag-cry. Ang pretty-pretty ko ngayon.” Hindi niya napapansin na tumutulo na ang luha niya. “Basta happy ako kasi hindi nasayang ang lahat ng pagsisikap ko and I know na pinaghirapan n’yo rin ’yan, kaya thank you din.” Tuluyan nang nabasag ang boses niya.

Nagkatinginan ang dalawa at saka napangiti. They knew their sister so well; she was an epitome of femininity.

Sumisinghot na nagpatuloy si Ingrid. “Naaalala

n'yo pa ba ang sinabi ko noon?"

"Oo, na kahit wala na tayong magulang ay magagawa pa rin nating mabuhay," sabay na litanya ng dalawa at saka siya sabay na niyakap.

Para tuloy siyang na-sandwich ng dalawang naglalakihang poste. Kahit matangkad na siya sa taas na limang talampakan at limang pulgada ay mas matangkad pa rin ang dalawa na halos naghahabulan lamang sa taas na anim na talampakan.

"Ate, lalo ka yatang pumapandak habang tumatanda ka," tukso ni Fritz.

"Aray!" tungyaw nito nang kurutin niya. Wala itong pakialam kung pagtinginan man sila ng iba. "Biro lang naman, eh," para itong bata na lumabi habang hinihimas ang nasaktan na tagiliran.

"Aba, ang arte! Oy, huwag na huwag kang hihingi ng pera pang-date mo, ah. Hmph! Porque naka-graduate ka na, ginaganyan mo na 'ko. Wala kang awa, wala kang puso, wala kang atay—"

"Ate, OA na 'yan, ha," putol ni Fritz.

Isang pinong kurot uli ang itinugon niya rito. Si Isaac na nakikinig lang ay lumapit at umakbay sa kanya.

“Ate, bagong suweldo ako ngayon. Saan mo gustong kumain? Treat kita.”

“Hoy, Kuya, ako ang bagong graduate; ako dapat ang i-treat mo,” singit ni Fritz.

“Huwag na. Sa sobrang katakawan mo, siguradong mauubos ang pera ko.”

“Ang damot mo naman. Sige, kapag ako ang nagkatrabaho at nagkapera, never kitang ililibre.”

“O, baka mag-away na kayo niyan,” paalala ni Ingrid.

“Si Bunso kasi laging pikon,” asar ni Isaac.

“Sinong pikon, ako? Baka ikaw,” sagot naman ni Fritz.

“Tama na sabi.” Napangiti siya. “Kayo talagang dalawa. Pagkatapos ng picture-taking, uuwi na tayo at saka may pinahanda ako kay Aling Meding sa bahay.”

“Okay. Sige, Ate, may kukunin lang ako sa owner sa labas,” paalam ni Isaac. May lihim itong isinenyas kay Fritz.

“Ay, Ate, wait ka lang dito. May sasabihin lang ako sa classmate ko.”

“Okay.” Napailing na lang si Ingrid at saka napangiti.

Napakasaya niya. Hindi kayang tapatan ng pera ang sayang nararamdaman niya. Last year lang ay napagtapos niya si Isaac ng kursong Accountancy. In fact, kapapasa lang din nito ng CPA Board Exam ngayong taon. Wala na siyang mahihiling pa. Dalawa lang naman ang pangarap niya: ang mapagtapos ang dalawang kapatid at mamuhay nang simple, tahimik at masaya.

Pilyang napangiti si Ingrid. Ngayon na okay na ang lahat, panahon na para isipin na niya ang sarili. At the age twenty-five ay never pa siyang nagka-boyfriend. Kaya naman ang bagong goal niya ngayon ay maghanap niyon. Lahat kasi ng nanligaw sa kanya ay itinaboy at binasted niya, iyong iba ay hindi na nakapaghintay sa sobrang tagal. Kailan ba siya unang pinutakti ng manliligaw? Ah mula noong mag-e-eighteen siya. Mula noong pinalayas...

Ipinilig niya ang ulo. Ayaw na niyang alalahanin ang nakaraan.

Nagkita sa CR sina Isaac at Fritz.

“Naisampa na ang kaso. Any moment ay sisimulan

na ang imbestigasyon,” seryosong sabi ni Isaac.

“Are we really ready to face that bastard, Kuya?”

“Yes, we are.”

“Paano kung hindi? Paano kung pagbalingan niya tayo... o si Ate? How can we protect her? Remember he has all the money and power to do anything to make us vanish in this world.”

“No, Fritz. Remember we have this.” Itinuro nito ang sariling sentido. “Ito ang gagamitin natin para labanan siya.”

“I’ve spoken to Atty. Braganza. He’s willing to help but he needs more proof and evidence to nail Don Facundo down.”

“Then, tell him that we have it.”

“Kuya, we don’t have it! You know very well that only Ate Ingrid knows where the real testament is. Kahit ang mga dokumento ng mga ari-arian natin, siya lang ang nakakaalam.”

“I am going to have it.” Determinado ang tono ni Isaac.

“But how? It’s a miracle na gumaling siya. I’m afraid na muling babalik ang sakit niya kung

kakausapin natin siya tungkol dito. Ayaw na niyang alalahanin ang nakaraan. In fact, kinalimutan na niya kung sino at ano talaga tayo.”

“I know. She became very vulnerable and emotional kapag napag-uusapan ang nakaraan, pero kailangan nating bawiin ang ating karapatan. It’s ours. It’s the legacy of our family. We are the last descendants of the Duque clan and it’s our responsibility to fight and have it back.”

“Do we need to speak to her about this?”

“No, masaya na siya sa kung ano siya ngayon. So be it. We will protect her.”

“Oo, Kuya, we will protect her.”

“We don’t need the testament of our parents. I think the papers that I have are enough to put that bastard in jail.”

“What do you mean?”

Ngumisi ang nakatatandang lalaki. “I did my own investigation. I penetrated the lion’s lair.”

“What!”

“Nagsinungaling ako. I worked in our own company using a different identity. I even dated

Indecent Proposal - Mia Shyrene

the bastard's daughter just to gain access with everything—his files, his account and even his life....”

2

Inis na naglalakad si Ingrid habang pauwi ng bahay. Bad trip talaga! Labis siyang nagsisisi kung bakit nakipag-date pa siya sa lalaking iyon, manyakis naman pala. Buti nga dito at dinumog ito ng mga tao nang magsisigaw siya sa sinehan kanina. Nasapok at nabugbog din niya ito. Kulang pa nga iyon. Kung sakaling makasalubong o makita niya ito uli ay siguradong manghihiram na ito ng mukha sa unggoy.

Ang sama talaga ng loob niya. Parang nawawalan na siya ng pag-asa na magka-boyfriend. Dalawang buwan na niyang pinag-aaralan ang lahat ng manliligaw niya, pero kahit isa ay wala talaga siyang magustuhan. Napatingin siya sa hawak na paper bag. Medyo naglubag ang loob niya. At least, hindi tuluyang naging malas ang araw niya. Sinuwerte kasi siya sa pagbili ng A-line black floral dress na iyon sa isa sa mga boutiques ng *SM*. Bukod sa na-in love siya sa unang kita pa lang dito ay may fifty percent discount iyon at last piece na lang na nagkataon na ka-size pa niya. It was really meant for her.

Nagulat si Ingrid nang may isang rumaragasang motor na dumaan sa harap niya. Nahagip niyon ang

dala niyang paper bag at tumilapon iyon sa loob ng imburnal.

“Ay!” tili niya.

Napahinto ang lalaking sakay ng motorsiklo. “Miss, I’m sorry, nagmamadali kasi ako,” anito.

Matalim itong tinitigan ni Ingrid. “Wala akong pakialam, walanghiya ka! Hindi mo alam kung gaano kahalaga sa akin ang laman ng paper bag na iyon. Palibhasa kasi, napakayabang mo! Akala mo ikaw ang may-ari ng daan—”

“Miss, sandali lang,” putol nito. “Babayaran ko na lang kung magkano ang laman ng paper bag na iyon. I’m really in a hurry.”

Lalong naningkit ang mga mata niya; kulang na lang ay umusok pati ilong niya sa galit. “Anong hurry-hurry? Palitan mo ’yan ngayon din! Akala mo ba lahat natatapatan ng pera? Puwes ibabalik ko sa iyo ang abalang ibinigay mo sa akin. Palitan mo ’yan ngayon din!”

Naningkit ang mga mata ng lalaki, pero halatang nagpipigil ito. “Ano ba ang laman ng paper bag na iyon?” seryosong tanong nito.

“Bestida,” simpleng tugon niya.

Napahawak ito sa noo at medyo hinilot ang pagitan ng kilay. “Pakiulit nga,” mahinang tugon nito.

“Bestida. A-line black floral dress, medium-sized at nabili ko sa *SM North EDSA*.”

Napapikit ito at napatim-bagang. Nagulat si Ingrid nang walang sabi-sabi ay binuhat siya nito at isinalampak sa motorsiklo.

“Hoy! Ano’ng ginagawa mo—”

Hindi pa siya tapos magsalita nang takpan nito ang bibig niya. “Shut up!” angil nito. “Kung gusto mong palitan ko ang damit na ’yon, sasama ka and please don’t talk!” Inabutan siya nito ng helmet at sumakay na rin sa motorsiklo.

Ano na naman ba itong kamalasan na inabot ko? tanong ni Ingrid sa sarili. Masakit at ngawit na ngawit na ang buong katawan niya. First time niyang sumakay ng motor at nahihirapan siyang magbalanse lalo pa at dulo lang ng jacket nito ang kinakapitan niya. Kitang-kita ang malaking space sa pagitan nila.

Hmph! Nunga na hawakan ko sa baywang ang mayabang na lalaking ito.

Gusto nang mapaiyak ni Ingrid, pero pinigil niya. Pinupulikat na talaga ang buong hita at pang-

upo niya. Sa totoo lang, kanina pa niya gustong magreklamo. Nagdadalawang-isip lang siya dahil nang sabihin nitong ‘Don’t talk’ kanina ay seryoso ito at feeling niya ay ihuhulog siya nito kapag hindi siya sumunod. Wish na lang niya ay makarating na sila sa *SM* para matapos na ang paghihirap niya.

Isang medyo malakas na pag-break ang nagpasubsob sa kanya sa malapad na likod nito. May bigla kasing dumaan na pusa, mabuti na lang at nasa gilid lang sila ng daan. Nagkauntugan ang mga helmet nila at na-flat ang dibdib niya sa likod nito.

Parang biglang may nag-spark na kuryente sa pagitan nila. Nag-iinit ang pisnging lumayo agad si Ingrid. Mabuti na lang at nakatalikod ito, hindi nito makikita ang labis na pagkapahiya niya.

“My God! Woman, umupo ka nga nang maayos!” angil nito.

Nagpanting naman ang mga tainga ni Ingrid. “Hoy, ang kapal talaga ng mukha mo. Napakabilis mo kasi magpatakbo kaya nasubsob ako.” Hindi pa siya nakapagpigil at nahampas niya ang likod nito.

“Kung alam mo lang, this is the slowest speed I have ever driven. Kung normal ang patakbo ko at sa paraan ng pagkakaupo mo, siguradong kanina ka pa

tumilapon at gumulong sa kalsada.”

“Ang kapal talaga ng mukha mo!” nanggigigil na asik niya. Nahampas niya ito uli.

“Will you stop hitting me?” sigaw nito.

“Napakayabang mo kasi! Puwede bang paandarin mo na lang ito para makaalis na tayo? Ayoko nang makita ang pagmumukha mo!” Ubos na talaga ang pasensya niya. Kung gusto ng lalaking ito ng away, puwes pati gulo ibibigay niya.

Nagtaka si Ingrid nang biglang nanahimik ito. Lumipas ang ilang segundo, pero hindi pa rin ito nagsasalita. Okay na rin dahil parang kumakalma na siya.

Medyo nagulat si Ingrid nang bigla itong nagsalita. “Kumapit ka nang maayos sa baywang ko,” malumanay at mahinahon na ang tinig na sabi nito.

“Ayoko nga, eh.”

Marahan nitong hinubad ang helmet at saka bumaba. Humarap ito sa kanya.

Ngayon lang mas napagmasdan nang maigi ni Ingrid ang mukha ng lalaki. Guwapo pala ang unggoy kaya lang madilim ang expression nito.

“Bumaba ka,” mapanganib na ang tinig nito.

Marahan ding hinubad ni Ingrid ang suot na helmet. Natanggal sa pagkakatali ang kanyang mahabang buhok. Tinitigan niya nang matalim ang lalaki. Kung nakamamatay lang ang tingin, siguradong kanina pa ito bumulagta.

Akala siguro nito ay masisindak siya. Aba! Ito ang may atraso sa kanya kaya wala itong karapatan na magalit.

“Hindi ako bababa dito,” mariing sabi niya. “Bakit may balak ka bang takasan ako? Aba, kasalanan mo ’yan. Ang yabang mo kasi. Akala mo, ikaw ang may-ari ng kalsada. Nananahimik ako sa isang tabi at ikaw itong nanggulo sa akin. Kahit sale lang ang pagkabili ko sa damit na iyon, medyo mahal pa rin iyon at saka gusto ko ’yon. Kung kinakailangan na libutin natin ang buong Pilipinas para makahanap ng kagaya niyon ay gawin natin.”

Hindi sumagot ang lalaki. Nakatitig lang ito sa mukha niya.

Napatingin din dito si Ingrid. *This is it!* Hindi na niya kaya. Kandahingal siya sa kakadakdak, hindi naman pala ito nakikinig. Parang tanga lang ito na nakatingin sa kanya!

Bumaba ng motor si Ingrid, pero natumba siya; mabuti na lang at nasalo siya ng lalaki. Napapikit siya sa sobrang sakit. Parang libu-libong karayom ang tumutusok sa buong hita at pang-upo niya.

Kung hindi pa siya hawak nito ay siguradong napasalampak na siya sa lupa. Nakabaluktot ang tuhod niya at hindi siya makatayo nang maayos sa sobrang pulikat. Napaiyak siya sa sobrang sakit. Nakalimutan na nga niyang galit siya sa lalaking ito. Ang higpit ng kapit niya sa braso nito. Hindi rin niya pansin na halos nakayakap na ang lalaki sa pag-alalay sa kanya.

“It’s okay. Mayamaya lang, wala na rin iyan,” masuyong alo nito.

“Ang sakit-sakit kasi,” parang batang tugon niya.

“Subukan mong tumayo ng derecho ’tapos igalaw-galaw mo ang paa mo. Hindi lang maka-circulate nang maayos ang dugo mo.”

Sinubukan niya, pero wala pa rin. “Hindi naman masyadong pinupulikat ang paa ko, hita ko ang mas masakit.” Hindi niya masabi ritong pati pang-upo niya ay pinupulikat.

“Kumapit ka sa balikat ko,” anito at saka umupo sa harap niya. Hinilot nito ang hita niya!

Nanlaki ang mga mata ni Ingrid. Naghiyawan ang ilang pasahero na sakay ng bus at jeep na napapadaan sa kanila.

“Hoy, ano ba, tumayo ka d’yan! Nakakahiya.”

Parang wala itong narinig; patuloy lang ito sa pagmasahe ng hita niya.

“Ano ba!” Sinubukan niya itong itulak, pero parang bato ito na hindi niya matinag.

“Masakit pa ba?” tanong nito.

Ang totoo, napakasarap sa pakiramdam ang ginagawa nito. Hindi niya masyadong maintindihan, pero ang init na nagmumula sa mga palad nito ay parang apoy na gumigising sa kanyang namamanhid na dugo. Nang medyo nawawala-wala na ang pangangalay ay sinabi niya ritong okay na. Hindi siya makatingin sa estranghero nang maayos, parang nahihiya siya na hindi niya mawari.

Tumayo ito at pumara ng taxi. Pinapasok siya at sinabihan ang driver na ihatid sila sa *SM*.

Ibubuka pa lang niya ang bibig ay pinigilan na siya nito.

“Another word, Woman, at ihahagis kita palabas ng taxi.”

Naiinis na tumahimik sa isang tabi si Ingrid. Nagsuplado na naman ang damuhong ito. Gusto lang naman niyang itanong kung paano na ang motorsiklo nito. Nasagot naman ang katanungan niya nang may tinawagan ito sa cellphone at ipinakuha ang motor.

Nang makarating sila ng mall ay nagbayad ito sa driver at parang walang kasama na bumaba at tuloy-tuloy na naglakad papunta sa may entrance ng mall. Iniwan siya.

Walang modo talaga ang lalaking ito! isip ni Ingrid. Napaka-ungentleman pa. Ni hindi man lang siya inalalayan sa pagbaba at parang walang kasama na iniwan siya. Inis na inis na lakad-takbo niyang sinundan ang mabilis na paghakbang nito.

“Hoy, Mama!” sigaw niya.

Parang wala naman itong narinig. Tuluy-tuloy lang sa paglakad.

Hirap na hirap na si Ingrid. Likas siyang mabagal at mahinhin na maglakad kaya nahihirapan siya sa ginagawa niya ngayon na mabilis na paglakad.

“Ay!” tili niya nang madulas siya.

Nakasalampak siya sa sahig nang malingunan ng lalaki. Napailing ito. “Ang tapang-tapang mo,

lampa ka naman,” anito habang tinutulungan siyang makatayo.

“Hah! Tingnan mo nga ang sarili mo. Malakas ka nga, pero ang sama naman ng ugali mo. Wala kang modo, ungentleman, suplado, mayabang, makapal ang mukha at... at... basta lahat-lahat na.”

Parang walang epekto rito ang sinabi niya. Tumalikod ito at iniwan na naman siya.

Nagngingitngit na sumunod na lang si Ingrid. Kung puwede lang niyang buhatin ang buong mall at ibato sa lalaking ito ay ginawa na niya.

“Wala na!” mariing sabi ni Ingrid. Kalalabas lang niya sa boutique na pinagbilhan ng bestida.

“Why, what happened?”

“Last piece na talaga ang nabili ko at kahit pumunta pa tayo sa ibang branch nila, wala na rin talaga. Malas ka talaga sa buhay ko!” naiinis na asik niya.

Hindi naman ito umimik. May lumabas na isang empleyado ng boutique at lumapit sa kanila. May dala itong anim na paperbags at iniabot sa kanya.

“Take it, they’re yours,” sabi ng lalaki.

Kaya pala nakita niyang kausap nito ang manager kanina. “Hindi ako nagpapabili ng damit sa ’yo. Ang sabi ko, palitan mo kung ano ang nawala—”

“It’s better than nothing, right? Ngayon na wala na ang damit na talagang gusto mo, I suggest that you take it.”

“Hindi ko matatanggap ito.”

“It’s up to you. I don’t need that. Kung ayaw mo, di itapon mo. Bahala ka,” kaswal na turan nito.

Napatingin uli si Ingrid sa mga paper bags. Kunsabagay, hindi nga naman nito maisusuot ang mga damit na iyon. Sayang nga. Tanga na lang siya kung hindi pa niya tatanggapin iyon.

“Okay. Sige, tatanggapin ko ito, pero hindi kita pasasalamatan. Kabayaran mo na ito sa lahat ng abala at sama ng loob na ibinigay mo sa akin.”

Parang wala itong narinig. Naglabas ito ng wallet at inabutan siya ng cash.

Tiningnan lang niya ang hawak nitong pera. “Para saan ’yan?”

“Pamasahe mo.”

Indecent Proposal - Mia Shyrene

Napapikit si Ingrid. Nanginig ang buong kalamnan niya. “Mahirap nga ako, pero kahit kelan hindi ko pa nasubukang mamalimos sa ibang tao.” Iyon lang at nag-walk-out siya.

Nakakailang hakbang palang siya nang ma-realize niya na hawak pa pala niya ang mga paperbags. Nag-about face siya at isinalampak ang mga bitbit sa harap nito. Inirapan niya ito at saka tuluyang umalis.

3

“O, Hija, ba’t nakasambakol ang mukha mo?” tanong ni Aling Meding nang makauwi si Ingrid sa bahay.

“Hay, naku, Aling Meding! Napakamalas talaga ng araw ko ngayon. Totoo nga ang kasabihan, ‘*when it rains, it pours*’...”

“Ganoon ba? Naku, huwag mong masyadong isipin iyan, halika sa kusina at may ginawa akong saging con yelo. Magpalamig ka muna para mawala na rin iyang inis mo.”

“Ay, sige nga po. Wish ko lang talaga na doon nagtatapos sa supladong lalaking iyon ang kamalasan ko.”

“Lalaki ba ’ika mo? Baka iyon na ang Prince Charming mo.”

“Naku imposible ho, napakalaking imposible!”
“Bakit naman, panget ba?”

“Hindi naman. Lamang lang siya ng isang paligo sa unggoy.”

“Pandak ba? Mas maliit sa iyo?”

“Hindi po. Mas matangkad siya nang konti kay Isaac.”

“Ay, type! Matangkad.”

“Aling Meding, ha.”

“May trabaho ba? Hindi ba siya mukhang PG?”

“Anong PG, patay-gutom?”

“Hindi. Poor Guy.”

Napahagalpak ng tawa si Ingrid. Natutuwa talaga siya kay Aling Meding. Sa edad nitong cincuenta’y uno ay para pa rin itong bagets kung kumilos at magsalita.

“Hindi naman masyado, tingin ko kaya naman niyang pakainin ang sarili niya,” sagot niya.

“Ganoon naman pala. Baka siya na nga ang Prince Charming mo. Di bale nang mukhang unggoy, maganda ka naman. Kung sakaling magkakaanak kayo, madadala pa rin iyon ng genes mo.”

“Aling Meding, sa sama po ng ugali ng unggoy na iyon, eh, talagang hindi kami magkakasundo.”

“Ganoon ba? Sayang...”

“Bakit naman?”

“Nabasa ko kasi ang horoscope mo kanina. Naniwala ako doon sa nakasulat na ngayon mo makikilala ang lalaking magpapabago sa iyong buhay,” seryosong anito.

“Hula lang ho iyan. Hindi kayo dapat nagpapaniwala sa mga ganyan. Teka, tumawag na ho ba sina Isaac at Fritz?”

“Hindi pa.”

“Text nga ako nang text at tumatawag ako sa mga cellphones nila, pero hindi nila sinasagot.”

“Ano ka ba? Nasa malayong probinsya sila, malamang walang signal doon sa pinuntahan nila.”

“Ang alam ko ho kahit sa malayo, nagkaka-signal na rin.”

“Hija, huwag kang masyadong mag-alala. Barako ang mga kapatid mo at dambuhala pa. Kung sakali, sila ang katatakutan ng iba.”

“Pero dapat tumawag sila o kaya nag-text man lang. Hindi ugali ng mga kapatid ko na hindi nagpaparamdam dahil alam nila na mag-aalala ako.”

“Di ba company outing ni Isaac ang pinuntahan nila? Malamang wala talagang signal doon. Huwag ka nang masyadong mag-alala baka nga nag-e-enjoy

ngayon ang mga iyon at may kasama pang babae. Isa pa, kahapon lang naman sila umalis,” pagbibigay assurance ng matanda.

“Sana nga po.” Ewan ni Ingrid, pero parang kinakabahan siya ngayon.

Tatlong araw na ang lumipas, pero hindi pa rin kumukontak ang mga kapatid ni Ingrid sa kanya. Labis na siyang nag-aalala. Dalawang araw na siyang halos hindi makatulog, iyak siya nang iyak. Sinubukan niyang tawagan ang kompanyang pinagtatrabahuan ng kapatid ngunit wala daw Isaac Von ang nagtatrabaho roon at wala rin silang ginaganap na company outing. Nai-report na niya sa mga pulis ang pangyayari.

Isang katok sa pinto ang pumutol sa kanyang pag-iisip. Binuksan niya ang pinto. Si Tatay Lando ang bumungad sa paningin niya.

“Nabalitaan ko ang nangyaring pagkawala ng mga kapatid mo, Ingrid. Kumusta na?”

“Ewan ko po, hindi ko alam. Hanggang ngayon hindi pa sila kumukontak sa akin. Hindi ko na alam kung ano ang gagawin ko, mababaliw yata ako sa kaiisip.” Napabunghalit siya ng iyak.

“Ala eh, huminahon ka, Hija. Kaya nga pumunta ako rito ngayon dahil nais kong makatulong.” May iniabot itong tarheta sa kanya. “Nagtatrabaho ang kapatid ko kay Atty. Braganza. Ala eh, napakarami na raw natulungan niyan lalo na ang mahihirap. Subukan mo laang; malay mo makatulong siya sa paghahanap. Ang alam ko, marami itong koneksyon na puwedeng mahingan ng tulong. Kung sakali, maaari tayong humingi ng tulong sa kanya.”

“Ganoon ho ba? Naku, maraming salamat ho.”

“Kung sakaling nakapagdesisyon ka na lumapit kay Atty. Braganza, sabihin mo muna sa akin.”

Isang ring ng telepono ang pumutol sa pag-uusap nila. Nagmamadaling dinampot ni Ingrid ang receiver.

“Ano ho!” nabiglang bulalas niya nang marinig ang ibinalita ng nasa kabilang linya.

“Kumusta ka na?” untag ni Ingrid sa kapatid na nakaratay sa hospital bed. Hindi na halos makita ang tunay na hitsura ni Fritz dahil sa labis na pamamaga ng mukha. Puno ng bugbog at pasa ang buong katawan nito.

“A-Ate...”

Tuluyan nang naglaglagan ang mala-kristal na luha mula sa kanyang mata. “What happened, Fritz?”

Hindi ito sumagot. Napapikit si Ingrid. Parang alam na niya ang dahilan. Nang matagpuan ito ng mga pulis na nakahandusay sa kalsada ay may dala itong itim na bag. Mga damit at personal na gamit ang laman niyon, ngunit kung susuriing mabuti ay may lihim itong taguan kung saan may nakalagay na mga papeles. Iyon ang nakita ni Ingrid na hindi napansin ng mga pulis nang iabot sa kanya ang gamit nito. Ang nakasaad sa mga papeles na iyon ay ang mga magdidiin kay Don Facundo sa mga illegal nitong gawain.

“Mas nanaisin ko pang makita kayo na ganyan kaysa nanghuhula ako kung ano na ang nangyari sa inyo.” Pilit niyang pinatatatag ang tinig.

“I’m sorry, Ate,” mahinang sabi nito.

“Si Isaac, nasaan siya? B-buhay pa ba siya?” Napakuyom ang kamao ng binata. Nakatiim-bagang ito. Kinabahan siya. “Please, Fritz, tell me.”

“I’m sorry, Ate. Hindi ka na dapat—”

“Huwag mo nang ituloy. I know you are protecting

me. All along ay pinagbigyan n'yo ang ilusyon ko na masaya ako sa simpleng buhay na pinili ko. Ang totoo, nagi-guilty ako. Ako ang may kasalanan kung bakit naagaw sa atin ang karapatan natin, ang buhay natin. Wala akong ginawa! Dahil sa kahinaan ko, dahil sa pagkamatatakutin ko kaya nangyari ang lahat ng ito. Pilit kong kinalimutan, pero ang kahinaan ko pa rin hanggang ngayon ang dahilan kung bakit nakaratay ka at nawawala si Isaac,” humahagulgol na sabi niya.

“No, Ate. You were sick then and he took advantage of us. Nang mamatay ang kanilang mga magulang, alam niya na wala kaming laban ni Kuya dahil mga bata pa kami at ikaw ay may sakit. It's not your fault.”

“I should have fight for our right. That fortune is ours. It's the legacy of our family. Nararapat lamang na bawiin at pangalagaan natin ito dahil ito rin ang ipamamana natin sa mga susunod pang henerasyon. We are the last descendants of Duque clan and it's our responsibility to protect what belongs to the family.”

“Iyon din ang naisip ni Kuya kaya nagsumikap siya na makakuha ng katibayan para madiin ito.” Unti-unti nang pumupungay ang mga mata nito. Umeepekto na ang gamot na itinurok dito ng nurse kanina.

“Hawak pa rin nila si Kuya. Inutusan ako ni Don Facundo na i-surrender lahat ng mga katibayan dahil kung hindi papatayin nila si Kuya.”

“Oh, my God!”

“May taong p’wedeng tumulong sa atin.” Nakapikit na ang mga mata nito dahil sa sobrang antok. “Puntahan mo si Atty. Bragan—” Hindi na nito naituloy ang sasabihin dahil nakatulog na ito.

Ipinasya ni Ingrid na hayaan munang magpahinga ang kapatid. Paglabas niya ng pinto ay nabungaran niya si Mang Lando...

4

Kinakabahan na pinindot ni Ingrid ang top floor ng elevator. Nasa OB Tower siya. Isang malaking desisyon ang gagawin niya. Kailangan niyang magpakatatag. Kung kinakailangan na ibenta niya ang kaluluwa sa demonyo ay gagawin niya mailigtas lang ang mga kapatid.

Sa isang araw pa dapat sila ni Tatay Lando na naka-schedule na makipag-usap kay Atty. Braganza. Ngunit hindi na siya makapaghihintay pa nang ganoon katagal. Nasa bingit ng kamatayan ang buhay ng kapatid niya kaya kailangan niyang gumawa ng paraan. Napag-alaman niyang woman-hater ang pakay na abogado. Hindi ito nakikipag-usap sa babae at ang tanging nakakalapit dito ay ang mga inuupahan nitong high-class prostitutes. Naisipan niyang magpanggap na ganoon para lang makausap ito.

Pagkabukas ng elevator ay tumambad kay Ingrid ang napakarangya at napakamodernong disenyo ng paligid. Mga kombinasyon ng ginto, silver, salamin at itim na marmol ang nakikita niya. Naalala pa niya noong magbakasyon ang buong pamilya niya

sa palasyo ng Ghana, ganito rin ang disenyo ng silid ng prinsipal.

“May I help you?” tanong ng tila guard ng floor na iyon.

“Yes, thank you. I have an appointment with Atty. Braganza,” malumanay at malambing na tugon ni Ingrid. Pinaghandaan niya ang pagpunta roon. Nagpaayos at nagdamit siya na mapagkakamalan siyang isang model.

Humahangang tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa. May binuksan itong isang pinto at pinapasok siya.

Mas maluwang pa ang silid na pinasukan niya, pero hindi na niya pansin iyon. Ang lakas na kasi ng kabog ng dibdib niya.

May lumapit na isang matanda sa kanya. Nanlaki ang mga mata niya. Si Tatay Lando!

“Good evening, Hija. Ala eh, nagkamali ka ata ng dating. Walang schedule na personal service si Sir, sa isang linggo pa.

Hindi siya kilala nito. Kung ganoon, ito marahil ang kapatid na tinutukoy ni Tatay Lando.

“Naku, nagkakamali ho kayo. Ngayon ho iyon.”

“Ganoon ba? Ala eh, sandali laang at itse-check ko.” Lumapit ito sa table at may tiningnan sa isang libro.

Inilibot niya ang paningin. Iisang pinto lang ang nakikita niya at malamang na iyon ang silid ni Atty. Braganza.

“Ala eh, Hija, ikaw nga ang nagkamali. Sa isang linggo pa talaga ang schedule mo. Bumalik ka na laang.”

“Eh, Tatay, hindi po ba p’wedeng ngayon na lang?” malambing na pakiusap niya. Parang lumambot naman ang ekspresyon nito nang tawagin niyang ‘Tatay’.

“Ala eh, puwede ko siyang kausapin, kaya lang ikaw din ang gusto kong proteksyunan. Kamatayan ngayon ng papa niya at baka ikaw ang mapagbalingan niya sa lahat ng galit niya sa babae.”

“Ganoon ho ba,” malungkot niyang sabi. Hindi na siya makapaghihintay pa! Hindi niya napigilan ang mapaluha.

“Ala eh, Ineng, huwag kang umiyak. Ano бага’ng problema mo? Kailangan mo ba ng pera?”

Hindi na siya makapagsalita. Hindi na niya alam

ang gagawin. Paano na ang kapatid niya? She needed to find help as soon as possible.

“Ala eh, naku! Paano ba ito? Sandali laang, ikukuha kita ng tubig para makalma ka.”

Pagkaalis ng matanda ay napatingin si Ingrid sa malaking pintuan. Sa likod ng pintuang iyon ay ang taong puwedeng makatulong sa kanya...

Dahan-dahang binuksan ni Ingrid ang malaking pintuan. Madilim sa loob niyon. Tanging ang malamlam na liwanag na nanggagaling sa lampshade ang nakikita niya. Pumasok siya at isinara ang pinto.

“Who are you?” tanong ng isang malaki sa malamig na boses.

Muntik nang mapatalon si Ingrid sa labis na pagkagulat. Napatingin siya sa direksyon na pinagmulan ng boses nito. Unti-unting nababanaagan niya ang bar counter sa isang sulok. Naroon ang lalaki na dahan-dahang umiinom ng alak. Hindi niya maaninaw ang hitsura nito. Tanging ang malaking pigura nito ang nakikita niya.

“Ah... eh...”

“Get out!” anito.

“S-sandali lang—”

“Nagkamali sila ng pagpapasok sa iyo. If you’re offering your service, well, I’m not interested.”

“Ang yabang mo naman. Ano’ng tingin mo sa sarili mo, diyos?” Biglang natigilan si Ingrid. Parang mali yata ang nasabi niya. “Ay, hindi pala. Sorry, hindi iyon ang ibig kong sabihin.”

Natigilan si Neil. *That voice...*

“Atty. Braganza, I—”

“Lumapit ka.”

“Ha?”

“Lumapit ka sa kama.”

Sumunod si Ingrid. Kung gusto niyang makausap ang lalaking ito nang maayos, kailangan niyang sundin ang lahat ng iuutos nito.

Medyo na-conscious siya nang mapalapit sa kama. Naroon kasi ang lampshade at siguradong kitang-kita nito ang buong katawan niya. Biglang may bumukas at tumutok na ilaw sa kanya. Mas lalong lumiwanag sa kinatatayuan niya. Hindi lang nito nakikita ang buong katawan niya, nakikita rin nito nang maayos ang buong mukha niya.

Nag-iinit ang mga pisnging naitutok niya ang mga mata sa sahig. Nahihiya talaga siya at kinakabahan. Kailangan niyang magpakatatag. Hindi para sa sarili ang gagawin niya, kundi para sa mga kapatid. Ang alam nito ay prostitute siya, so she should act like one. Ganito pala ang pakiramdam na alam mong tinitingnan at pinag-aaralan ka mula ulo hanggang paa...

“Maghubad ka,” utos nito.

Napapikit si Ingrid. 'Eto na!

Dahan-dahang hinubad ng dalaga ang suot na damit. Tanging ang underwear na kulay pula ang itinira niya. Kahit nahihiya ay may pagmamalaki siyang nadama sa sarili. Wala itong maipipintas sa katawan niya. 36-25-35 ang vital statistics niya. Flawless din ang kutis niya na mas pinatingkad pa ng suot na red underwear.

“Magsayaw ka,” utos nito.

Patay! Napangiwi at napakamot siya ng ulo. “Naku, parehong kaliwa ang paa ko. Sigurado hindi ka matutuwa.”

“Magsayaw ka,” ulit nito.

Ano na ang gagawin niya? Hindi niya alam

kung anong klaseng sayaw ang isinasayaw ng mga prostitute.

“If you can’t do it, you are free to go.”

“Sandali lang. Ikaw naman. Bumubuwelo pa ako,” aniya. Bahala na!

Marahan siya sumayaw, ikinembot ang baywang. Ginaya ang sayaw ng grupo ng dancers na napapanood niya sa telebisyon.

Hinintay niya ang sasabihin ng lalaki. Wala!

“Pangit ba?” tanong niya. Hindi ito sumagot. Pangit nga yata. Sinubukan niyang sumayaw muli, mas mabilis ang indayog.

Wala pa rin.

May narinig siyang tunog ng naurong na upuan. Tumayo ang lalaki at dahan-dahang lumapit sa kanya. Matangkad ito at malaki ang katawan. Hindi pa rin niya makita ang mukha nito. Kinabahan si Ingrid. Ano na ang susunod na mangyayari?

Habang papalapit sa kanya ang lalaki ay unti-unting natatamaan ng liwanag ang mukha nito. Nanlaki ang mga mata niya nang makilala ito.

“Nice meeting you again,” anito.

“I-ikaw!” Diyos ko! Ito ang lalaking nakaaway niya three days ago.

“How are you, Miss Spitfire?” anito at saka itinukod ang dalawang kamay sa pader na kinasasandalan niya. Para tuloy siyang nakulong. Hindi siya makatingin dito nang derecho at nag-iinit ang mga mukha niya.

“Alam mo bang gustung-gusto ko na nakikitang namumula ang pisngi mo? Ang cute mo kasing tingnan at parang...” inilapit nito ang bibig sa tainga niya at bumulong sa mapangharuyong tinig, “ang sarap mong kagatin.”

Napapikit at napalunok si Ingrid.

“I thought that this day would always bring grief and pain in my heart but I think, tonight will be different. I might enjoy every second that you are with me.” He traced the delicate contour of her face. Napasinghap si Ingrid.

Tumayo ito nang derecho sa harap niya. “Undress me,” utos nito.

“Ha? Ah... eh...” Hindi alam ni Ingrid ang gagawin. Bakit kasi ang lalaking ito pa? Siguro kung naging ibang lalaki lang si Atty. Neil Braganza, baka mas madali niyang magawa ang ipinagagawa nito. Hindi niya alam kung bakit, pero labis siyang

naaapektuhan dito.

“Undress me,” ulit nito.

Napatingin si Ingrid sa mukha ng kaharap. Nababasa niya ang labis na kasiyahan at kapilyuhan sa mga mata nito. Kaagad siyang nainis. Parang gusto niyang dukutin ang mga mata nito.

Nakasimangot na isa-isa niyang tinatanggal ang mga butones ng polo nito. Tumambad sa harapan niya ang malapad nitong dibdib. Bigla na naman siyang nahiya. Hindi niya maiderecho ang tingin sa katawan nito. Nag-iinit na naman ang pisngi niya.

Nang matapos niyang hubarin ang polo nito ay pinroblema naman niya ang pantalon nito.

“Ah... ako pa rin ba ang maghuhubad niyan?” tukoy niya sa maong nito.

“Playing innocent? Hmm... well, whatever games you are playing, it’s working, Sweetheart.”

“Ha?” Hindi niya maintindihan kung ano ang sinasabi nito.

“Take off my pants.”

Diyos ko, tulungan n’yo ’ko. Parang natatakot siya sa bagay na bumubukol sa harapan nito. Dahan-

dahan at ingat na ingat siya habang hinuhubad ang pantalon nito. Iniiwas din niya ang paningin na mapatutok sa harap.

Nang matapos ay isang desisyon ang nabuo ng kanyang isip. Patayin na siya, pero hinding-hindi niya huhubarin ang briefs nito.

“What’s your name?” tanong nito.

Medyo napahinga siya nang maluwag. At least, hindi nito pinahubad ang huling saplot nito.

“Ingrid,” sagot niya.

“Your full name?”

“Ingrid Valerie Duque.”

“Ingrid Valerie Duque. Hmm... sounds familiar. I’m Neil Braganza.” Inilahad nito ang palad sa kanya.

Iniabot niya iyon at nakipagkamay siya. Hindi ba nakakatawa? Nagpapakilala sila sa isa’t isa nang halos wala nang saplot sa katawan.

Hindi nito agad binitiwang ang kamay niya. Medyo nahiya siya. Magaspang at medyo makapal na kasi ang palad niya dahil sa pagtatrabaho sa palengke.

“Bitiwan mo na ang kamay ko. Nakaka—”

“Huwag kang mahiya. In fact, you should be proud.” Inalalayan siya nito papunta sa kama.

Humiga ito habang siya naman ay napaupo sa gilid ng higaan.

“Kiss me...”

Patay! Baka mabuko siya nito na hindi talaga siya prostitute. Hindi siya marunong humalik. Ano ang gagawin niya?

“Kiss me, Ingrid,” ulit nito.

Bahala na! Huminga siya nang malalim. Dahan-dahan, pinaulanan niya ito ng maliliit na halik sa mukha—sa noo, sa mata, sa ilong, sa pisngi. Tila hindi na makapaghintay ang lalaki dahil sa bagal niya, sinibasib nito ang mga labi niya. Napasinghap siya. Well, advantage na rin iyon. Now, she did not have to worry on how she should kiss him. He already did the job! Ang kailangan niya lang gawin ay gayahin ito.

But later, hindi na siya makapag-isip. Parang nakalimutan na niya kung ano ang problema niya at maging kung sino siya. All she could feel was the sweet sensation that drugged her whole being.

Nakaliliyong sensasyon ang hatid ng bawat haplos at halik ni Neil sa kanya. She never thought that

making love could be that wonderful. Sinamba nito ang buong katawan niya. Hindi na niya namalayan ang pagpuwesto nito sa pagitan ng hita niya.

Nagtaka si Neil. As he slowly entered her, he felt a barrier. *Damned hell!* Nagmamadaling umalis siya sa pagkakakubabaw sa dalaga. Ang lakas ng tahip ng kanyang dibdib. Very furiously, he went to the bathroom.

Labis na nagtaka naman si Ingrid. Ano ang nangyari? Tapos na ba? Iyon na ba iyon? Bakit parang may kulang?

Napatingin siya sa bukas na pintuan ng bathroom. Naririnig niya ang malakas na paglagaslas ng shower. Naliligo ang lalaki na parang galit na galit.

Ibinalot niya ng kumot ang buong kahubdan. Wala namang masama kung tatanungin niya ito. Lumapit siya sa bathroom, pero hanggang sa may pintuan lang.

“Neil, galit ka ba?”

“For God’s sake, Woman! Huwag kang papasok dito!” parang natatarantang sigaw nito.

Nanggigigil na umamba ng suntok si Ingrid. Nagsuplado na naman ang damuhong ito. “Oo,

narinig ko. Hindi mo na 'ko kailangang sigawan," ganting sigaw niya.

"Ingrid!" sigaw uli nito.

"Ano!"

"Paglabas ko, kailangan nakabihis ka na."

Inirapan niya ang pinto ng banyo na parang ang binata mismo ang kaharap niya. "Pagkatapos mo akong paghubarin at pagsayawin sa harap mo, ngayon ka pa nagpaka-conservative," naiinis na bulong niya sa sarili.

Nanggigigil na hinanap niya ang mga damit at saka nagbihis.

Paglabas ni Neil ay nakaroba na ito habang bihis na si Ingrid na naghihintay sa kama. Tuluy-tuloy ito na lumapit sa bar at uminom ng alak.

"I can't believe it," anito.

"You can't believe what?" tanong ni Ingrid.

"That you're that innocent."

Biglang nag-init ang mga pisngi niya. "I maybe innocent but I'm not dumb."

“I’m sorry to tell you, pero hindi ako pumapatol sa birhen.”

Lalong nag-init ang pisngi ni Ingrid. Pero wala naman siyang maisagot sa sinabi nito.

“Sino’ng nag-utos sa iyo? Plano ba ito ng mga kalaban ko para pabagsakin ako? ’Yung pagkakakilala natin three days ago, pinlano n’yo rin ba iyon?”

“Hindi ko alam ang sinasabi mo.” Gusto nang mapaiyak ni Ingrid. Paano pa niya mahihingan ng tulong ang lalaking ito kung kalaban na ang turing nito sa kanya?

“You can’t fool me, malalaman ko rin ang buong katotohanan. And when that time comes, makikita mo kung paano ako magalit.”

“Bahala ka kung ano ang gusto mong isipin, pero nagpunta ako rito para humingi ng tulong sa iyo,” naiiyak na saad niya.

Tumayo siya at lumapit dito. Sa harapan nito ay lumuhod siya at nagmakaawa. Nabigla ito sa ginawa niya.

“Please help us. Tulungan mo ang mga kapatid ko. Wala na akong ibang malalapitan kundi ikaw lang. Please I beg you, help us. Lahat gagawin ko...

Indecent Proposal - Mia Shyrene

susundin ko lahat ng ipag-uutos mo, tulungan mo lang kami,” lumuluhang aniya.

Lumapit si Neil. Itinayo siya nito at masuyong niyakap. “Tell me everything...”